タガログ語

Welcome Pack ng Ayase

Gabay sa pamumuhay para sa mga dayuhang mamamayan

あやせウェルカムパック

外国人市民のための生活ガイド



Talaan ng nilalaman

1. Sa oras ng emerhensiya 1

1. Tumawag sa “110” kung may naganap na aksidente o krimen ··· 1
2. Tumawag sa “119” kung nagkaroon ng biglaang pagkakasakit o malubhang pagkasugat o pinsala ····· 1
3. Tumawag sa “119” kung may naganap na sunog ····· 3
4. Kung tumunog ang alarma para sa sunog sa tirahan ····· 3

2. Sakit at sugat o pinsala 5

1. Pumunta sa ospital ····· 5
2. Tagapagsalin ng wika o interpreter sa ospital (serbisyo ng pagtawag sa pagitan ng 3 tao para sa pangangalagang pangkalusugan ng Ayase City) ····· 5

3. Serbisyo ng tagapagsalin ng wika o interpreterng City Hall 7

1. Call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika ····· 7
2. Tagapagsalin ng wika o interpreter sa City Hall ····· 7

4. Pamumuhay 9

1. Paraan ng pagtatapon ng basura ····· 9
2. Sumali sa samahang komunidad ····· 11
3. Mga tuntunin at pag-uugali sa pamumuhay ····· 13
4. Pagbabayad ng buwis ····· 15
5. Konsultasyon tungkol sa status of residence, atbp. ····· 17

5. Pag-iwas sa sakuna 19

1. Maghanda para sa sakuna ····· 19
2. Impormasyon sa sakuna at paglikas ····· 19
3. Kung may naganap na lindol ····· 21
4. Kung may naganap na bagyo o malakas na ulan ····· 23

6. Pag-aaral ng wikang Hapon 25

1. Konsultasyon tungkol sa pag-aaral ng wikang Hapon ····· 25

7. Impormasyon sa iba’t ibang wika ng City Hall 25

1. Magasin ng impormasyon sa iba’t ibang wika “Ayase Today” ·· 25
2. Bersyon sa iba’t ibang wika “Newsletter Ayase” ····· 25

目次

１　緊急のとき　2

1　事故や犯罪にあったら「１１０」に電話・・・・・・・2
2　急病やひどいケガをしたら「１１９」に電話・・・・・2
3　火事が起きたら「１１９」に電話・・・・・・・・・・4
4　住宅用火災警報器が鳴ったら・・・・・・・・・・・・4

２　病気・ケガ　6

1　病院に行く・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・6
2　病院での通訳　（綾瀬市の医療用３者通話サービス）・・6

３　市役所の通訳サービス　8

1　外国語通訳コールセンター・・・・・・・・・・・・・8
2　市役所での通訳・・・・・・・・・・・・・・・・・・8

４　くらし　10

1　ごみの出し方・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 10
2　自治会に入りましょう・・・・・・・・・・・・・・・ 12
3　生活のルールとマナー・・・・・・・・・・・・・・・ 14
4　納税・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 16
5　在留資格などの相談・・・・・・・・・・・・・・・・ 18

５　防災　20

1　災害に備えよう・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 20
2　災害の情報や避難・・・・・・・・・・・・・・・・・ 20
3　地震が起きたら・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 22
4　台風や大雨がきたら・・・・・・・・・・・・・・・・ 24

６　日本語学習　26

1　日本語の学習の相談・・・・・・・・・・・・・・・・ 26

７　市役所の多言語情報　26

1　多言語情報誌「あやせトゥデイ」・・・・・・・・・・ 26
2　多言語版「広報あやせ」・・・・・・・・・・・・・・ 26

1. Sa oras ng emerhensiya

1-1. **Tumawag sa “110” kung nasangkot o may naganap na aksidente o krimen**

Kapag may naganap na aksidente sa trapiko o na-aksidente sa trapiko,tumawag sa “**110**”.
Tumawag kung may naganap o nakitang insidente o krimen. <24 oras>. May tutungo kaagad na pulisya.
Tumawag din sa “119” kapag may taong nasugatan o napinsala.

Paraan ng pagtawag sa “110” <Tumutugon din sa banyagang wika>

(1) Pindutin ang “**110**”.
(2) Ipaalam kung kailan, saan, at ano ang naganap.
(3) Ipaalam ang iyong pangalan.
(4) Ibaba ang tawag.
(5) Maghintay sa ligtas na lugar hanggang sa dumating ang pulisya.



Mangyaring huwag mag-panic at ipaalam nang dahan-dahan at malinaw kung “kailan”, “saan”, “anong naganap” at ang “sariling pangalan”.

Kapag may aksidente, kahit na sa tingin niyo ay wala kayong sugat o pinsala, maaaring matuklasan ito kalaunan. Pumunta sa ospital kung kayo ay na-aksidente sa trapiko.

1-2. **Tumawag sa “119” kung nagkaroon ng biglaang pagkakasakit o malubhang pagkasugat o pinsala**

Tumawag sa “**119** kung nagkaroon ng malubhang pagkasugat o pinsala o biglaang pagkakasakit. <24 oras> May tutungo kaagad na ambulansya.

Paraan ng pagtawag sa “119” <Tumutugon din sa banyagang wika>

(1) Pindutin ang “**119**”.
(2) Sabihin na “kyūkyū desu”(may emerhensiya).
(3) Ipaalam ang adres kung saan niyo nais pumunta ang ambulansya.
(4) Ipaalam ang pagkasugat o pinsala o sintomas ng sakit.
(5) Ipaalam ang iyong pangalan.
(6) Ibaba ang tawag.
(7) Kapag narinig ang tunog ng sirena,lumabas upang salubungin at gabayin sa daan ang ambulansya.



Mangyaring huwag mag-panic at ipaalam nang dahan-dahan at malinaw ang “lugar kung saan gustong papuntahin ang ambulansya”at “sariling pangalan”.

- Kung hindi malubha ang pagkasugat o pinsala o hindi biglaang pagkakasakit tulad ng “dahil convenient”, “naubos ang gamot na natanggap ko mula sa ospital”, at “hindi ko alam saang ospital pupunta”, pumunta nang mag-isa sa ospital. ⇒Pahina 6
- Ang transportasyon papuntang ospital ay libre, ngunit dapat niyo bayaran ang gastos sa pagpapagamot sa ospital. Mangyaring ihanda ang iyong health insurance card at kinakailangan na pera.

1　緊急のとき

1-1　事故や犯罪にあったら「１１０」に電話

交通事故を起こしたり、交通事故にあったりしたときは
「**１１０**」に電話します。
事件や犯罪にあったり、見たときも電話します。〈24 時間〉
すぐに警察が向かいます。
ケガをした人がいるときは「１１９」にも電話します。

「１１０」に電話をかける方法〈外国語も通じます〉



①「**１１０**」を押します。
② いつ、どこで、なにが起きたか伝えます。
③ 名前を伝えます。
④ 電話を切ります。
⑤ 警察が来るまで安全な場所で待ちます。

あわてないで、ゆっくり、はっきりと「いつ」「どこで」「なにが起きたか」「自分の名前」を伝えてください。

事故のときは、ケガをしていないと思っても後でケガが分かるときがあります。交通事故にあったら、一度病院に行きましょう。

1-2　急病やひどいケガをしたら「１１９」に電話

ひどいケガや急病になったら「**１１９**」に電話します。〈24 時間〉
すぐに救急車が向かいます。

「１１９」に電話をかける方法〈外国語も通じます〉



①「**１１９**」を押します。
②「kyūkyū desu」（救急です。）と言います。
③ 救急車に来てほしい住所を伝えます。
④ ケガや病気の症状を伝えます。
⑤ 名前を伝えます。
⑥ 電話を切ります。
⑦ 救急車のサイレンが聞こえたら道案内のために迎えに出ます。

あわてないで、ゆっくり、はっきりと「救急車に来てほしい場所」「自分の名前」を伝えてください。

- 「便利だから」「病院でもらった薬がなくなった」「どの病院に行けばよいか分からない」などひどいケガや急病でない場合は、自分で病院に行きましょう。⇒６ページ
- 病院までの搬送は無料ですが、病院での治療費は自己負担です。健康保険証や必要なお金を用意してください。

1. Sa oras ng emerhensiya

1-3. **Tumawag sa “119” kung may naganap na sunog**

Tumawag sa “**119**” kung may naganap na sunog <24 oras>
May tutungo kaagad na bumbero.

Paraan ng pagtawag sa “119” <Tumutugon din sa banyagang wika>

(1) Pindutin ang “**119**”.
(2) Sabihin na “kaji desu” (may sunog).
(3) Ipaalam ang lugar kung saan may sunog.
(4) Ipaalam ang iyong pangalan.
(5) Ibaba ang tawag.



Mangyaring huwag mag-panic at ipaalam nang dahan-dahan at malinaw ang “lugar kung saan may sunog” at “sariling pangalan”.

1-4. **Kung tumunog ang alarma para sa sunog sa tirahan**

Mababasa ang pamphlet mula sa QR code sa kanan.

- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Espanyol, Intsik, Koreano

1　緊急のとき

1-3　火事が起きたら「１１９」に電話

火事がおきたら「**１１９**」に電話します。〈24 時間〉
すぐに消防車が向かいます。

「１１９」に電話をかける方法〈外国語も通じます〉
①「**１１９**」を押します。
②「kaji desu」（火事です。）と言います。
③ 火事の場所を伝えます。
④ 名前を伝えます。
⑤ 電話を切ります。



あわてないで、ゆっくり、はっきりと
「火事の場所」「自分の名前」を伝えてください。


1-4　住宅用火災警報器が鳴ったら

右のＱＲコードからパンフレットが読めます。

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、
　　スペイン語、中国語、韓国語

2. Pagkakasakit at pagkasugat o pinsala

2-1. **Pumunta sa ospital**



Ang ospital na pupuntahan upang magpacheck-up ay naiiba depende sa uri ng sakit at pagkasugat o pinsala. Kapag pupunta ng ospital, kailangan ang iyong health insurance card, residence card, at pera. Para sa mga taong walang health insurance card, magbabayad sila ng buong halaga. Hindi maaaring ipahiram o hiramin ang iyong insurance card.

Tumawag kaagad sa “119” kapag kayo ay malubhang nasugatan o napinsala o kapag nagkaroon ng biglaang pagkakasakit. <24 oras> ⇒ Pahina 1

2-2. **Tagapagsalin ng wika o interpreter sa ospital (serbisyo ng pagtawag sa pagitan ng 3 tao para sa pangangalagang pangkalusugan ng Ayase City)**

Sa mga lugar sa (1) at (2), maaaring gamitin ang video call interpreter (tablet).

- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Intsik, Espanyol, Tagalog, Koreano, Thai,atbp.


(1) Konsultasyon tungkol sa kalusugan
- Ayase City Health Promotion Department (4-7-10 Fukayanaka, sa loob ng Health and Wellbeing Plaza)

(2) Ospital
- Ayase Kosei Hospital (1-4-16 Fukayanaka)
- Ayase Holiday Clinic (sa loob ng Wellbeing Plaza)

Para sa mga bagay na hindi maintindihan, mangyaring magtanong sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika (**0467-70-5682**). <Makakapagsalita sa banyagang wika>

2　病気・ケガ

2-1　病院に行く



病気やケガの種類によって、受診する病院が変わります。病院に行くときは、保険証、在留カード、お金がいります。保険証がない人は、お金を全部自分で払います。保険証は他の人に貸しても借りてもいけません。

もしもひどいケガをしたときや急病の場合はすぐ「１１９」に電話します。〈24 時間〉⇒２ページ

2-2　病院での通訳（綾瀬市の医療用３者通話サービス）

①②の場所では、テレビ通訳（タブレット）が利用できます。

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、中国語、
　　スペイン語、タガログ語、韓国語、タイ語など

①健康相談
・綾瀬市健康づくり推進課（深谷中 4-7-10 保健福祉プラザ内）

②病院
・綾瀬厚生病院（深谷中 1-4-16）
・綾瀬休日診療所（保健福祉プラザ内）

分からないことは、外国語通訳コールセンター（０４６７-７０-５６８２）で聞いてください。〈外国語で話せます〉

3. Tagapagsalin ng wika o interpreter ng City Hall

3-1. **Call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika**

Ang tagapagsalin ng wika o interpreter (operator) ang magkokonekta sa inyo sa nangangasiwang departamento ng City Hall at maaari kayong makipag-usap kasama ang tagapagsalin ng wika o interpreter.

- Numero ng telepono **0467-70-5682**
- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Espanyol,Intsik, Tagalog, Koreano, Thai
- Oras ng pagtugon: Weekdays 8:30 am - 5:00 pm (maliban sa Public Holidays)

Paraan ng pagtawag sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika

(1) Pindutin ang **0467-70-5682**.
(2) Ipaalam ang iyong wika.
(3) May sasagot sa tawag na tagapagsalin ng wika o interpreter sa wikang iyon.
(4) Maaaring makipag-usap sa pagitan ng 3 tao: ikaw, tagapagsalin ng wika o interpreter, at kawani ng lungsod

Halimbawa, mangyaring tumawag sa mga ganitong sitwasyon.
“May natanggap akong sulat mula sa City Hall, ngunit hindi ko maunawaan ang nilalaman nito”
“Nais kong malaman ang mga kinakailangang pamamaraan kung ako ay manganganak”
“Nais kong malaman ang tungkol sa pagbabakuna ng bata at tungkol sa eskwelahan”
“Nais kong malaman ang tungkol sa national health insurance”, atbp.

3-2. **Tagapagsalin ng wika o interpreter sa City Hall** (Pangunahing gusali: 550 Hayakawa, Ayase City)

- Sa tanggapan ng City Hall, maaaring gamitin ang video call interpreter.
  - Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Intsik,Espanyol, Tagalog, Koreano, Thai
  - Oras ng pagtugon: Weekdays 8:30 am - 5:00 pm (maliban sa Public Holidays)
- Mayroon ding tagapagsalin ng wika o interpreter sa tanggapan sa mga itinakdang araw kada buwan.
  - Tumutugon sa wikang: Portuges at Espanyol 2 beses kada buwan
    Ingles at Vietnamese 1 beses kada buwan
  - Mangyaring magtanong sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika (**0467-70-5682)** tungkol sa araw na mayroong tagapagsalin ng wika o interpreter. <Makakapag-usap sa banyagang wika>

Paraan ng paggamit ng video call interpreter sa tanggapan ng City Hall

(1) Pumunta sa unang tanggapan sa ika-2 palapag ng Ayase City Hall “Citizens’ Activity Promotion Department”
(2) Ipaalam ang iyong wika.
(3) May sasagot sa tawag na tagapagsalin ng wika o interpreter sa wikang iyon sa pamamagitan ng video call interpreter (tablet).
(4) Maaaring makipag-usap sa pagitan ng 3 tao: ikaw, interpreter, at kawani ng lungsod.

3　市役所の通訳サービス

3-1　外国語通訳コールセンター

通訳者（オペレーター）が市役所の担当部署へつなぎ、そのまま通訳者を交えて通話ができます。

・電話番号　０４６７-７０-５６８２

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、スペイン語、中国語、タガログ語、韓国語、タイ語

・対応時間　平日　８時３０分～１７時（祝日除く）

外国語通訳コールセンターに電話をかける方法
① ０４６７-７０-５６８２ を押します。
② あなたの言語を伝えます。
③ その言語の通訳者が電話にでます。
④ あなたと通訳者と市職員との３人で話せます。



たとえば、こんなときに電話してください。
『市役所から手紙が届いたが内容が分からない』
『子どもが生まれたら必要な手続きを知りたい』
『子どもの予防接種のことや、学校のことを知りたい』
『国民健康保険のことを知りたい』　など

3-2　市役所での通訳（本庁舎：綾瀬市早川５５０）

➢ 市役所窓口では、テレビ通訳が利用できます。

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、中国語、スペイン語、タガログ語、韓国語、タイ語
・対応時間　平日　８時３０分～１７時（祝日除く）

➢ 毎月決まった日に、窓口に通訳者もいます。
・対応言語　月２回　ポルトガル語、スペイン語
　　月１回　英語、ベトナム語
・通訳者がいる日は、外国語通訳コールセンター（０４６７-７０-５６８２）で聞いてください。〈外国語で話せます〉

市役所窓口でテレビ通訳を使う方法
① 綾瀬市役所の２階１番窓口「市民活動推進課」に行きます。
② あなたの言語を伝えます。
③ テレビ通訳（タブレット）でその言語の通訳者がでます。
④ あなたと通訳者と市職員との３人で話せます。

4. Pamumuhay

4-1. **Paraan ng pagtatapon ng basura**

Itapon ang basura ng bahay sa itinakdang lugar sa itinakdang araw at oras ng lungsod.
May mga uri ng basura at nakatakda ang araw ng linggo na itatapon ang mga ito at paraan ng pagtatapon depende sa uri.
Ang mga basurang itinapon na hindi sumusunod sa tuntunin ay hindi kokolektahin.

Para sa mga tuntunin tulad ng paraan ng pagtatapon ng basura, mangyaring basahin ang **“Gabay sa paghihiwalay at pagtatapon ng mga recyclable at basura”**.

- Ang “**Gabay sa paghihiwalay at pagtatapon ng mga recyclable at basura”** ay nakasalin sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Lao, Intsik, Espanyol, Tagalog, Koreano, at Thai.
- Mangyaring itapon ang basura mula 7:00 am hanggang 8:30 am sa itinakdang araw ng linggo.
- Ang araw ng linggo kung kailan itatapon ang basura at lugar kung saan itatapon ang basura ay nakatakda depende sa lugar na tinitirhan. Mangyaring basahin ang **“Gabay sa paghihiwalay at pagtatapon ng mga recyclable at basura”.**
- Para sa mga malalaking basura tulad ng muwebles, mangyaring magpa-door-to-door collection sa pamamagitan ng aplikasyon o dalhin ito sa recycling plaza.
- Para sa mga bagay na hindi maintindihan, mangyaring magtanong sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika (**0467-70-5682**) <Makakapagsalita sa banyagang wika>

Lagyan ng ○ ang mga araw ng linggo kung kailan niyo itatapon ang basura ng iyong bahay.

Araw ng linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
Nasusunog na basura (Mga basura mula sa kusina, tirang pagkain, atbp.)						
Recyclable na basura (Lata, bote, PET bottle, papel, atbp.)						
Plastik Ang markang ito ay ang tatak→						

4　くらし

4-1 ごみの出し方

家庭のごみは、市で決められた日時に、決められた場所へ出しましょう。
ごみには種類があり、種類ごとに出す曜日や出し方が決まっています。
ルールを守らずに出されたごみは収集されません。

ごみの出し方などのルールは**「資源とごみの分け方・出し方ガイド」**を読んでください。

・**「資源とごみの分け方・出し方ガイド」**は
英語、ベトナム語、ポルトガル語、ラオス語、
中国語、スペイン語、タガログ語、韓国語、
タイ語に翻訳しています。
・ごみは、決められた曜日の朝７時から８時３０分までに出してください。
・ごみを出す曜日やごみを出す場所は、住んでいる地域ごとに決まっています。**「資源とごみの分け方・出し方ガイド」**を読んでください。
・家具などの粗大ごみは、申込みによる戸別収集かリサイクルプラザに持ち込んでください。
・分からないことは外国語通訳コールセンター（０４６７−７０−５６８２）で聞いてください。〈外国語で話せます〉

自分の家のごみを出す曜日に ○を書きましょう。

曜日	月曜日	火曜日	水曜日	木曜日	金曜日	土曜日
可燃ごみ （調理くず，残飯など）						
資源ごみ （缶，瓶，ペットボトル，紙など）						
プラスチック このマークが目印→プラ						

4. Pamumuhay

4-2. **Sumali sa samahang komunidad**

Ito ay samahan ng mga residenteng nakatira sa parehong lugar at nagtitipon-tipon upang magsagawa ng mga aktibidad. Malaya kayong sumali rito o hindi, ngunit dapat bigyang halaga ang madalas na pakikipag-ugnayan sa mga lokal na residente madalas upang maaari kayong magtulungan kapag may naganap na sakuna o may problema sa pamumuhay.

Nagsasagawa ng mga ganitong aktibidad sa samahang komunidad!

- ◆ Nagbibigay ng impormasyon (ipinaaalam ang mga lokal na impormasyon sa pamamagitan ng circular notice, atbp.)
- ◆ Pakikisalamuha sa mga kapwa residente (summer festival, atbp.)
- ◆ Paghahanda para sa sakuna (disaster drills, atbp.)
- ◆ Pag-poprotekta sa kaligtasan ng komunidad (kaligtasan sa trapiko, mga aktibidad sa pag-iwas sa krimen, atbp.)
- ◆ Mga aktibidad na nagpapa-ganda ng komunidad (pamamahala at paglinis ng mga garbage collection site, atbp.)

Paraan ng pagsali sa samahang komunidad

(1) Tumawag sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika (**0467-70-5682**)
o pumunta sa unang tanggapan sa ika-2 palapag ng Ayase City Hall “Citizens’ Activity Promotion Department”.

(2) Ipapaalam sa iyo ang contact information ng presidente ng samahang komunidad ng iyong komunidad.
Bibigyan ka ng “application form para sa pagiging miyembro ng samahang komunidad”.

(3) Mangyaring makipag-ugnayan sa presidente ng samahang komunidad at mag-aplay bilang miyembro.

- Maaaring i-print ang “application form para sa pagiging miyembro ng samahang komunidad” mula sa website ng lungsod.

Ito ay nakasalin sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Lao, Intsik, Espanyol, Tagalog, Khmer, Koreano, at Thai





4　くらし

4-2 自治会に入りましょう

同じ地域に住んでいる人たちが集まって活動している住民団体です。入るか入らないかは自由ですが、災害が起こったときや暮らしのなかで困ったときに助け合えるように、日ごろから地域の人とのつながりを大切にしましょう。

自治会ではこんな活動をしています！

◆情報の提供（地域の情報を回覧板などで伝えます）
◆住民同士の交流（夏祭りなど）
◆災害に備える（防災訓練など）
◆地域の安全を守る（交通安全や防犯の活動など）
◆地域の美化活動（ごみ収集所の管理や掃除など）

自治会に入る方法
① 外国語通訳コールセンター（０４６７-７０-５６８２）に電話するか綾瀬市役所の２階１番窓口「市民活動推進課」に行きます。
② あなたの地域の自治会長の連絡先をお伝えします。
『自治会の加入申込書』を渡します。
③ 自治会長に連絡して加入申し込みをしてください。

・『自治会加入申込書』は市ホームページから印刷できます。

翻訳言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、ラオス語、中国語、スペイン語、タガログ語、クメール語、韓国語、タイ語





4. Pamumuhay

4-3. **Mga tuntunin at pag-uugali sa pamumuhay**

Mamuhay habang sinusunod ang mga tuntunin at pag-uugali sa Japan.
Para sa mga bagay na hindi maintindihan, magtanong sa mga tao sa iyong paligid.
Bigyang halaga ang madalas na pakikipag-ugnayan sa mga lokal na residente upang maaari kayong magtulungan kapag may problema sa pamumuhay.

● Maingay na tunog

- Tumahimik sa gabi. Mag-ingat na huwag gumawa ng ingay na tulad ng kapag may nag-paparty sa iyong bansa. Bilang karagdagan, kapag tumutugtog ng instrumento, isaalang-alang ang lakas ng tunog nito.

- Kapag maingay ang mga tao sa ibang silid, kumonsulta sa real estate agent o landlord.

● Mga tuntunin sa tirahan

- Ang common area tulad ng koridor o hagdan ng condominium o apartment ay ang magiging daan para sa paglikas kapag may lindol o sunog. Huwag maglagay ng basura, paso ng bulaklak, bisikleta, atbp. rito. Kung maglalagay ka ng bagay rito, bibigyan ka ng warning ng fire station.

- Ang daan ay pagmamay-ari ng lahat. Iparada ang iyong sasakyan sa paradahan ng sasakyan. Kung ilalagay mo ito sa kalsada, bibigyan ka warning ng pulisya.



4　くらし

4-3 生活のルールとマナー

日本のルールやマナーを守って生活しましょう。
分からないことは、周りの人に聞きましょう。
暮らしのなかで困ったときに助け合えるように、日ごろから
地域の人とのつながりを大切にしましょう。

●うるさい音

・夜は静かにしましょう。パーティーのとき自分の国と同じように騒がないように気をつけましょう。また、楽器を演奏するときは、音の大きさに注意しましょう。

・他の部屋の人がうるさいときは、不動産店や家主に相談しましょう。

●すまいのルール

・マンションやアパートの廊下や階段などの共用部分は、地震や火事のときに逃げるための道になります。ごみや植木鉢、自転車などの物を置かないようにしましょう。物を置くと消防署からも注意されます。

・道はみんなのものです。車は駐車場に置きましょう。道路に置くと警察からも注意されます。



4. Pamumuhay

4-4. **Pagbabayad ng buwis**

Ang buwis sa indibidwal na kita ay nahahati sa residential tax, national health insurance tax, atbp. Ang mga dayuhan rin ay dapat magbayad ng buwis tulad ng mga Hapon.

Kapag hindi nagbayad ng buwis

- Magkakaroon ng arrears depende sa haba mula sa araw kasunod ng deadline hanggang sa araw ng pagbabayad.
- Kapag hinayaan mong hindi magbayad ng buwis, maaaring makatanggap ka ng disposisyon tulad ng pagbawi ng mga ari-arian.
- May mga kaso kung saan hindi na-approve ang pag-extend ng panahon ng paninirahan o hindi na-approve ang naturalisasyon o permanent residency.
- Para sa mga bagay na hindi maintindihan, mangyaring magtanong sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika (**0467-70-5682**) <Makakapag-usap sa banyagang wika>

● Residential tax
- Ito ang buwis na ibabayad sa prepektura at lungsod para sa kita ng nakaraang taon.
- Kailangan magbayad ng buwis kahit hindi kayo magtatrabaho sa taong ito.
- Hindi alintana kung ano ang nasyonalidad; dapat magbayad kada taon sa prepektura at lungsod na tinitirhan sa Enero 1.

● National health insurance tax
- Ito ang buwis na ibabayad sa lungsod ng mga taong naka-enroll sa national health insurance.
- Kailangan magbayad nito kahit walang kita noong nakaraang taon.
- Kailangan magbayad nito kahit hindi kayo pumupunta sa ospital.
- Ang taong may obligasyon na magbayad ng buwis ay ang pinuno ng sambahayan.

● Income tax
- Ito ang buwis na ibabayad sa bansa para sa kita mula Enero hanggang Disyembre ng taong iyon.
- Ang income tax ng nagtatrabahong tao ay kadalasan binabawas mula sa buwanang suweldo. Para sa mga taong self-employed, atbp, mangyaring mag-file nito sa opisina ng buwis.

4　くらし

4-4 納税

個人の所得に対する税金は、住民税や国民健康保険税などに分かれます。外国人も日本人と同じく税金を払わなければなりません。

もし、税金を払わなかったら

・期限の次の日から払う日までの長さによって延滞金がかかります。
・払わないままでいると、財産の差し押さえなどの処分を受ける場合があります。
・在留期間の更新が認められなかったり帰化や永住が認められない場合があります。
・分からないことは外国語通訳コールセンター（０４６７-７０-５６８２）で聞いてください。〈外国語で話せます〉

●住民税
・前年の所得に対して、県と市に払う税金です。
・もし、今年働いていなくても税金を支払う必要があります。
・国籍にかかわらず、毎年１月１日に住んでいる県と市に払います。

●国民健康保険税
・国民健康保険に加入している人が市に払う税金です。
・前年に所得がなくても支払う必要があります。
・もし、病院に行かなくても支払う必要があります。
・納税義務者は、世帯主です。

●所得税
・その年の１月から 12 月までの所得に対して、国に払う税金です。
・勤めている人の所得税は、ふつう毎月の給料から自動的に引かれます。自営業などの人は自分で税務署に申告してください。

4. Pamumuhay

4-5. **Konsultasyon tungkol sa status of residence, atbp.**

Mayroong “**Pangkalahatang Information Center para sa mga Dayuhang Residente**” sa Immigration Bureau (Immigration Services Agency of Japan). Sasagutin nila ang iyong mga katanungan sa mga bagay na hindi niyo maintindihan tulad ng pamamaraan ng imigrasyon (mga bagay na dapat gawin kapag pupunta sa Japan) o mga pamamaraan sa paninirahan (mga bagay na dapat gawin para manirahan sa Japan).
Maaaring kumonsulta sa telepono o email.

Konsultasyon at pagtatanong sa telepono

Maaaring tumawag sa “**Pangkalahatang Information Center para sa mga Dayuhang Residente**” at kumonsulta.

- Numero sa telepono: **0570-013904**

- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Espanyol, Instik, Tagalog, Khmer, Koreano, Thai, Indonesian, Sinhalese, atbp.

- Oras ng pagtugon: Weekdays 8:30 am - 5:15 pm (maliban sa Public Holidays)

Konsultasyon at pagtatanong sa email

Maaaring mag-email sa “**Pangkalahatang Information Center para sa mga Dayuhang Residente**” upang kumonsulta at magtanong.

- Email address: info-tokyo@i.moj.go.jp

- Wika na gagamitin: Mangyaring magsulat sa wikang Hapon o Ingles.



4　くらし

4-5 在留資格などの相談

入管（出入国在留管理局）に『**外国人在留総合インフォメーションセンター**』があります。入国手続（日本に来るときにしなければならないこと）や在留手続（日本にいるためにしなければならないこと）などでわからないことがあるときに、質問に答えます。
電話やメールで相談できます。

電話での相談や質問

『**外国人在留総合インフォメーションセンター**』への電話で相談ができます。

・電話番号　**０５７０-０１３９０４**

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、スペイン語、中国語、タガログ語、クメール語、韓国語、タイ語、インドネシア語、シンハラ語など

・対応時間　平日　８時３０分～１７時１５分（祝日除く）

メールでの相談や質問

『**外国人在留総合インフォメーションセンター**』へメールで相談や質問ができます。

・メールアドレス　info-tokyo@i.moj.go.jp

・対応言語　日本語か英語で書いてください。



5. Pag-iwas sa sakuna

5-1. **Maghanda para sa sakuna**

Ang Japan ay bansa na napakaraming **lindol**.
Dagdag pa rito, may mga **bagyo** rin sa bandang Agosto hanggang Oktubre.
Ang bagyo ay nagdadala ng malakas na hangin at malakas na ulan.

Kumpirmahin madalas ang mga evacuation shelter na malapit sa iyong tirahan at mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa iyong pamilya. Dagdag pa rito, maghanda ng tubig at pagkain.

5-2. **Impormasyon sa sakuna at paglikas**

- Kapag tumaas ang panganib ng pagkakaroon ng sakuna, maglalabas ang bansa at lungsod ng mga babala at utos ng paglikas.
- Ang utos ng paglikas, pagbubukas ng mga evacuation shelter, atbp. ay ipapaalam sa pamamagitan ng website ng lungsod o “Ayase Email para sa Kaligtasan at Seguridad”.
- Para sa mga bagay na hindi maintindihan, mangyaring magtanong sa call center para sa tagapagsalin ng wika o interpreter sa banyagang wika (0467-70-5682). <Makakapagsalita sa banyagang wika>

◆ Ang serbisyo ng pagpapadala ng email ng Ayase City “Ayase Email para sa Kaligtasan at Seguridad” ay magpapadala ng mga impormasyon sa sakuna, utos ng paglikas, atbp. sa iyong email address sa iba’t ibang wika.

Paraan ng pagrehistro sa “Ayase Email para sa Kaligtasan at Seguridad”
- Magpadala ng blankong email sa address para sa pagpaparehistro mula sa QR code sa kanan. Magrehistro bago maganap ang sakuna.

- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Espanyol, Intsik, Koreano, madaling Hapon, atbp.

◆ Sa NHK news site “NHK WORLD-JAPAN”, maaaring makumpirma sa iba’t ibang wika ang mga pinakabagong impormasyon sa sakuna.

- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Espanyol, Instik, Koreano, Thai, Indonesian, atbp.

5　防災

5-1 災害に備えよう

日本は**地震**がとても多い国です。
また、８月～１０月ころには**台風**がきます。
台風は強い風と大雨をもたらします。

日ごろから、家の近くの避難所や家族との連絡方法を確認しておきましょう。また、水や食べ物を準備しておきましょう。

5-2 災害の情報や避難

・災害発生の危険性が高まると、警報や避難指示が国や市から出ます。
・避難指示や避難所の開設などは市のホームページや「あやせ安全・安心メール」などで知らせます。
・分からないことは外国語通訳コールセンター（０４６７-７０-５６８２）で聞いてください。〈外国語で話せます〉

◆綾瀬市のメール配信サービス「あやせ安全・安心メール」は市内の災害情報や避難指示などを、市民が登録したメールアドレスに多言語で配信します。
「あやせ安全・安心メール」の登録方法
・右のＱＲコードから登録用アドレスに空メールを送信します。災害が起きる前に登録しましょう。

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、スペイン語、中国語、韓国語、やさしい日本語など

◆ＮＨＫのニュースサイト『NHK WORLD-JAPAN』では最新の災害情報を多言語で確認することができます。

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、スペイン語、中国語、韓国語、タイ語、インドネシア語など

5. Pag-iwas sa sakuna

5-3. **Kung may naganap na lindol**

Kung may naganap na lindol, una sa lahat, kumilos nang kalmado.

(1) Kapag yumayanig

- Pumunta sa ilalim ng lamesa, atbp. at protektahan ang iyong sarili.

(2) Kapag tumigil ang pagyanig

- Patayin ang apoy sa kalan.
- Buksan ang mga pinto at bintana, at gumawa ng daan upang makatakas.



(3) Kung hindi kayo maaaring mamuhay sa inyong tahanan dahil sa pagka-guho ng iyong bahay at iba pang dahilan, pansamantala kayong mamumuhay bilang evacuee sa “primary evacuation shelter, atbp.”.

- Ang evacuation shelter ay mga gymnasium ng elementary at junior high school sa loob ng lungsod.
- **Mangyaring lumikas sa evacuation shelter na malapit sa iyong tirahan.**
- Kapag lilikas mula sa inyong tahanan, isara ang gas valve at patayin ang electric breaker upang maiwasan ang sunog, atbp.

(4) Bumalik sa inyong tahanan kapag wala nang panganib.

Primary evacuation shelter (gymnasium ng elementary at junior high school, atbp.)

Pangalan	Adres	Pangalan	Adres
Ayase Elementary School	5-1-1 Fukayanaka	Soen Elementary School	420 Kozono
Ayase Junior High School	2-3-1 Fukaya Minami	Shiroyama Junior High School	2230 Hayakawa
Ryohoku Junior High School	4-4-1 Fukayakami	Ryosei Elementary School	1-2-1 Ryosei
Kitanodai Elementary School	9-14-1 Ogami	Kasugadai Junior High School	393-1 Yoshioka
Kitanodai Junior High School	1-2-1 Tatekawa	Ochiai Elementary School	3-10-1 Ochiai Kita
Tendai Elementary School	1-3-1 Teraodai	Ryonan Elementary School	1-12-19 Kamitsuchidana Naka
Terao Elementary School	1-3-1 Terao Minami	Tsuchidana Elementary School	6-1-1 Kamitsuchidana Minami
Ryohoku Elementary School	3-10-1 Teraohoncho		

- Ang primary evacuation shelter ay binubuksan pagkatapos maganap ang sakuna tulad ng lindol.
- Ang paglikas ay pag-alis mula sa lugar na may panganib ng sakuna papunta sa ligtas na lugar. Maliban sa mga evacuation shelter, suriin madalas ang mga lugar na kung saan maaari mong protektahan ang iyong sarili tulad ng ika-2 palapag ng iyong tahanan o bahay ng iyong pamilya o kakilala.



5　防災

5-3 地震が起きたら

地震が起きたら、まずは落ち着いて行動しましょう。



①ゆれているとき
・テーブルの下などに入って身を守ります。
②ゆれが止まったら
・コンロの火を消す。
・扉や窓を開けて、逃げる道をつくります。
③家の倒壊などで、自宅で生活できなくなったら、一時的に「一次避難所」などで避難生活を送ります。
・避難所は市内の小中学校の体育館などです。
・**自宅近くの避難所に避難してください。**
・自宅から避難するときは、火事などを防ぐため、ガスの元栓を閉め、電気のブレーカーを落とします。
④危険がなくなったら、自宅に戻ります。

一次避難所（小中学校体育館など）

名称	所在地	名称	所在地
綾瀬小学校	深谷中 5-1-1	早園小学校	小園 420
綾瀬中学校	深谷南 2-3-1	城山中学校	早川 2230
綾北中学校	深谷上 4-4-1	綾西小学校	綾西 1-2-1
北の台小学校	大上 9-14-1	春日台中学校	吉岡 393-1
北の台中学校	蓼川 1-2-1	落合小学校	落合北 3-10-1
天台小学校	寺尾台 1-3-1	綾南小学校	上土棚中 1-12-19
寺尾小学校	寺尾南 1-3-1	土棚小学校	上土棚南 6-1-1
綾北小学校	寺尾本町 3-10-1		

・一次避難所は地震などの災害の発生後に開設されます。
・避難とは、災害の危険がある所から安全な場所へ逃げることです。避難所だけでなく、自宅の２階や、親族・知人の家など、自分の身を守ることができる場所を日ごろから確認しておきましょう。



5. Pag-iwas sa sakuna

5-4. **Kung may bagyo o malakas na ulan**

(1) Mangyaring palaging kumpirmahin ang mga bagong impormasyon sa panahon sa TV, atbp.
- Huwag lumapit sa mga ilog o bangin kung saan tumaas ang tubig.
- Kapag malakas ang ulan at hangin, huwag lumabas at manatili sa ligtas na gusali tulad ng bahay.

(2) Kapag naglabas ng “utos ng paglikas”, atbp ang lungsod, o kapag nasa panganib ang iyong bahay, lubos na mag-ingat at pumunta sa “evacuation shelter kapag may pinsala ng bagyo o baha”, atbp.
- Ang evacuation shelter kapag may pinsala ng bagyo o baha ay ang community center ng lungsod, atbp.
- **Mangyaring lumikas sa evacuation shelter na malapit sa iyong tahanan.**
- Kapag lilikas mula sa inyong tahanan, isara ang gas valve at patayin ang electric breaker upang maiwasan ang sunog, atbp.

(3) Bumalik sa iyong inyong tahanan kapag wala nang panganib.



Evacuation shelter kapag may pinsala ng bagyo o baha (Community center, atbp.)

Pangalan	Adres	Pangalan	Adres
Ochiai Community Center	6-1-46 Ochiai Minami	Yoshioka Community Center	2316-10 Yoshioka
Nakamura Community Center	5-23-35 Fukayanaka	Ryosei Community Center	2-11-14 Ryosei
Tatekawa Community Center	2-11-33 Tatekawa	Kamitsuchidana Community Center	4-7-47 Kamitsuchidana Kita
Ogami Community Center	5-9-41 Ogami	Senior Citizens Welfare Hall	1-3-1 Fukayanaka
Terao Minami Community Center	2-3-16 Terao Minami	Terao Children’s Hall	2-2-1 Terao Kita
Terao Ryohoku Community Center	2-7-3 Teraohoncho	Nanbu Fureai Hall	1-5-10 Kamitsuchidana Minami
Terao Tendai Community Center	1-12-15 Teraodai	Shiroyama Junior High School Budojo	2230 Hayakawa
Kozono Community Center	Kozono 398-1		

- Ang mga evacuation shelter kapag may pinsala ng bagyo o baha ay bubuksan bago may maganap na sakuna upang makalikas roon nang maaga.
- Ang paglikas ay pag-alis mula sa lugar na may panganib ng sakuna papunta sa ligtas na lugar. Maliban sa mga evacuation shelter, suriin madalas ang mga lugar na kung saan maaari mong protektahan ang iyong sarili tulad ng ika-2 palapag ng iyong tahanan o bahay ng iyong pamilya o kakilala.

5　防災

5-4 台風や大雨がきたら

①テレビなどで常に新しい気象情報を確認してください。
・水の多くなった川やがけには近づかないようにしましょう。
・雨や風が強いときには、外に出ないで、家などの安全な建物にいましょう。
②市から「避難指示」などが出たときや、家が危険なときは、十分注意して「風水害時避難所」などに行きましょう。
・風水害時避難所は市内の自治会館などです。
・**自宅近くの避難所に避難してください。**
・自宅から避難するときは、火事などを防ぐため、ガスの元栓を閉め、電気のブレーカーを落とします。
③危険がなくなったら、自宅に戻ります。



風水害時避難所（自治会館など）

名称	所在地	名称	所在地
落合自治会館	落合南 6-1-46	吉岡自治会館	吉岡 2316-10
中村自治会館	深谷中 5-23-35	綾西自治会館	綾西 2-11-14
蓼川自治会館	蓼川 2-11-33	上土棚自治会館	上土棚北 4-7-47
大上自治会館	大上 5-9-41	高齢者福祉会館	深谷中 1-3-1
寺尾南自治会館	寺尾南 2-3-16	寺尾児童館	寺尾北 2-2-1
寺尾綾北自治会館	寺尾本町 2-7-3	南部ふれあい会館	上土棚南 1-5-10
寺尾天台自治会館	寺尾台 1-12-15	城山中学校武道場	早川 2230
小園自治会館	小園 398-1		

・風水害時避難所は事前避難のため、災害発生前に開設されます。
・避難とは、災害の危険がある所から安全な場所へ逃げることです。避難所だけでなく、自宅の２階や、親族・知人の家など、自分の身を守ることができる場所を日ごろから確認しておきましょう。

Pag-aaral ng wikang Hapon

6. Pag-aaral ng wikang Hapon

6-1. **Konsultasyon tungkol sa pag-aaral ng wikang Hapon**

◆ Website na pinapatakbo ng Kanagawa International Foundation
Sa “Kanagawa de Nihongo (Wikang Hapon sa Kanagawa)”, maaaring maghanap ng klase sa wikang Hapon sa prepektura. Nagpapakilala rin ito ng mga website, atbp. na kapaki-pakinabang sa pag-aaral ng wikang Hapon.
- Ito ay nakasalin sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Instik, Espanyol, Koreano

◆ Sa “Multilingual Support Center Kanagawa” ng Kanagawa Prefecture, maaaring kumonsulta sa telepono tungkol sa pag-aaral ng wikang Hapon.

- Numero sa telepono **045-316-2770**

- Tumutugon sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Espanyol, Intsik, Tagalog, Koreano, Thai, Indonesian, atbp.

- Oras ng pagtugon: Weekdays 9:00 am - 12 pm at 1:00 pm - 5:15 pm (maliban sa Public Holidays)

Impormasyon sa iba’t ibang wika ng City Hall

7. Impormasyon sa iba’t ibang wika ng City Hall

7-1. Magasin ng impormasyon sa iba’t ibang wika **“Ayase Today”**

Upang maihatid ng City Hall ang mga paunawa at impormasyon sa pamumuhay sa mga dayuhang mamamayan,iniisyu ito 3 beses kada taon.
Maari din itong makita sa online.

- Ito ay nakasalin sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Lao, Intsik, Espanyol, Tagalog, Koreano, Thai

7-2. Bersyon sa iba’t ibang wika **“Newsletter Ayase”**

Ang “Newsletter Ayase” na iniisyu ng lungsod 2 beses kada buwan ay maaaring matingnan sa kompyuter, smartphone, tablet, atbp.

- Ito ay nakasalin sa wikang Ingles, Vietnamese, Portuges, Lao, Intsik, Espanyol, Khmer, Tagalog (Filipino), Koreano, Thai Sinhalese, Tamil

6　日本語学習

6-1 日本語の学習の相談

◆公益財団法人かながわ国際交流財団が運営するサイト「かながわでにほんご」では、県内にある日本語教室を探すことができます。
日本語の勉強に役立つウェブサイトなども紹介しています。

・翻訳言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、中国語、スペイン語、韓国語

◆神奈川県の「多言語支援センターかながわ」では、電話で日本語の学習の相談などができます。

・電話番号　０４５-３１６-２７７０

・対応言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、スペイン語、中国語、タガログ語、韓国語、タイ語、インドネシア語など

・対応時間　平日 9 時～12 時、13 時～17 時 15 分（祝日除く）

7　市役所の多言語情報

7-1 多言語情報誌「あやせトゥデイ」

外国人市民に市役所からのお知らせや暮らしの情報を伝えるため、年３回発行しています。
インターネットでも見ることができます。

・翻訳言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、ラオス語、中国語、スペイン語、タガログ語、韓国語、タイ語

7-2 多言語版「広報あやせ」

市が毎月２回発行している「広報あやせ」をパソコン、スマートフォン、タブレットなどで閲覧できます。

・翻訳言語　英語、ベトナム語、ポルトガル語、ラオス語、中国語、スペイン語、クメール語、タガログ語（フィリピン語）、韓国語、タイ語、シンハラ語、タミル語

MEMO

MEMO

Welcome Pack ng Ayase
Gabay sa pamumuhay para sa mga dayuhang mamamayan

Petsa na inisyu: Marso 2023
Inisyu ng: Ayase City Citizens' Activity Promotion Department
550 Hayakawa, Ayase, Kanagawa 252-1192, Japan
Telepono: 0467-70-5657 (wikang Hapon)
0467-70-5682 (banyagang wika)

あやせウェルカムパック
外国人市民のための生活ガイド

発行日　2023年3月
発行　綾瀬市市民活動推進課
〒252－1192 神奈川県綾瀬市早川550番地
電話　0467－70－5657（日本語）
0467－70－5682（外国語）

15 punto para maiwasan ang sunog na dulot ng lindol:

Upang maiwasan ang sunog na dulot ng lindol, mahalagang isagawa ang mga hakbang tulad ng pagpigil sa pagbagsak o pagkabuwal ng mga kasangkapan at pagtaguyod sa paggamit ng mga kagamitan laban sunog na may kalakip na safety device. Mahalaga din na itaguyod sa buong komunidad ang mga hakbang para sa pagpigil sa sunog, tulad ng paglagay ng mga residential fire alarms at fire extinguishers, at simpleng aerosol-type fire extinguishers upang agad na matukoy at mapigilan ang apoy sa simula pa lamang. Mahalaga din na sumali sa mga pagsasanay na isinasagawa sa komunidad para sa paghahanda sa kalamidad at makipagtulungan sa mga voluntary disaster prevention organization para sa malawakang pagpapatupad sa mga hakbang laban sa sunog. Maaaring gamitin ang sumusunod na “15 Punto para maiwasan ang sunog na dulot ng lindol” bilang gabay sa pagpapatupad sa mga hakbang na ito,.

○ Mga paunang hakbang

1. Siguruhin ang tibay ng tahanan laban sa lindol.
2. Isagawa ang mga hakbang para maiwasan ang pagkabuwal o pagbagsak ng mga kasangkapan (gawing matatag ang pagkakabit o pagkakalagay nito).
3. Maglagay ng seismic breaker
4. Panatilihing maayos ang paligid ng mga heating appliances tulad ng stoves, at iba pa, at iwasang ilapit ang mga bagay na madaling masunog.
5. Maglagay ng residential fire extinguisher at alamin kung paano ito gamitin
6. Maglagay ng residential fire alarm (na may karagdagang functions tulad ng interconnected type)
7. Maglagay ng gabay sa pintuan o sa iba pang lugar kung saan madaling kumpirmahin kung ano ang dapat gawin pagkatapos magkaroon ng lindol (punto 8 -10) sa oras ng paglikas.

○ Mga bagay na dapat gawin agad pagkatapos magkaroon ng lindol

8. Patayin ang electric appliances at tanggalin ang plugs sa outlet kapag nawalan ng kuryente.
9. Kumpirmahin kung may pagtagas ng langis mula sa oil stove o fan heater.
10. Patayin ang breaker bago lumikas.

○ Pagkatapos ng lindol (kapag naibalik na ang kuryente at gas, o pag-uwi mula sa paglikas)

11. Bago muling gamitin ang gas appliance, electric device, o oil stove, siguruhin na walang sira sa mga kagamitang ito at walang bagay na madaling masunog sa paligid.
12. Pagkatapos maibalik ang kuryente, obserbahan nang ilang sandali kung may abnormalidad sa electric appliances (usok o amoy).

○ Iba pang pang-araw-araw na mga hakbang

13. Alamin ang epekto ng lindol at sunog sa sariling komunidad.
14. Sumali sa mga pagsasanay na isinasagawa ng voluntary disaster prevention organization, fire brigades at iba pa.
15. Sumali sa mga pagsasanay sa paghahanda para sa kalamidad sa sariling komunidad upang sanayin ang sarili sa tamang aksyon na dapat gawin sa oras na magkaroon ng kalamidad.

≪地震火災を防ぐ１５のポイント≫

地震火災を防ぐためには、家具等の転倒防止や安全装置等を備えた火気器具の普及等を推進するなどの出火防止対策に加え、住宅用火災警報器、住宅用消火器、エアゾール式簡易消火具などの設置といった火災の早期覚知・初期消火対策、さらには地域の防災訓練や自主防災組織への参加など、地域ぐるみの防火対策を推進することが重要です。これらの地震火災対策を推進するに当たっては、次の「地震火災を防ぐ 15 のポイント」を参考にしてください。

〇事前の対策
1. 住まいの耐震性を確保する
2. 家具等の転防止対策（固定）を行う
3. 感震ブレーカーを設置する
4. ストーブ等の暖房機器の周辺は整理整頓し、可燃物を近くに置かない
5. 住宅用消火器等を設置し、使用方法について確認する
6. 住宅用火災警報器（連動型住宅用火災警報器などの付加的な機能を併せ持つ機器）を設置する
7. 地震直後の行動（8～10）について平時から玄関等に表示し、避難時に確認できるようにする

〇地震直後の行動
8. 停電中は電化製品のスイッチを切るとともに、電源プラグをコンセントから抜く
9. 石油ストーブやファンヒーターからの油漏れの有無を確認する
10. 避難するときはブレーカーを落とす

〇地震からしばらくして（電気やガスの復旧、避難からもどったら）
11. ガス機器、電化製品及び石油器具の使用を再開するときは、機器に破損がないこと、近くに燃えやすいものがないことを確認する
12. 再通電後は、しばらく電化製品に異常（煙、におい）がないか注意を払う

〇その他日頃からの対策
13. 自分の地域での地震火災による影響を把握する
14. 消防団や自主防災組織等へ参加する
15. 地域の防災訓練へ参加するなどし、発災時の対応要領の習熟を図る